# 1

Nakahinga nang maluwag si Cary nang sa wakas ay natapos niya ang report na ginagawa. Tatlong araw siyang nagbabad sa pagri-research para sa project na iyon. Sinabihan siya ng kanyang immediate boss na si Gerry na kailangan na niyang matapos iyon dahil darating na ang big boss nilang si Adrian Baron anumang araw ngayong linggo.

Adrian Baron is the President and Chief Executive Officer of *Baron Enterprises*. Ang espesyalidad nito ay ang pagbili ng mga kompanyang nalulugi at muling binubuhay sa pamamagitan ng pagbabagong-anyo niyon pagkatapos ay ibebentang muli kapag maganda na ang takbo niyon.

Cary had never met him. Noong araw na nagsimula siyang magtrabaho roon bilang kapalit ng stepbrother niyang si Resty ay araw ng pag-alis ng CEO patungo sa isang business trip sa America, Europe at ilang bansa sa Asia.

Napahinga siya nang malalim pagkaisip sa stepbrother niyang si Resty. Hanggang ngayon ay hindi pa rin niya matanggap na namayapa na ito. Kahit hindi sila totoong magkapatid ng binata ay

hindi nila itinuring na iba ang isa't isa. Pareho nang balo ang mga magulang nila nang magkagustuhan ang mga ito. Siyam na taon si Resty at walo siya nang nagpakasal ang mga magulang nila. Naunang namayapa ang daddy ni Resty sa atake sa puso noong nasa high school na sila. Matapos ang dalawang taon, namatay na rin kanyang ina. Higit silang naging close ng kanyang stepbrother. Sinabi niya sa sarili noon, nag-iisa na ito na kapamilya niya at kung sakaling mawawala pa ito ay baka hindi na niya kayanin. Pero sinubukan yata siya ng tadhana.

Namatay sa aksidente si Resty apat na buwan na ang nakakaraan. Nawalan ng preno ang sinasakyan nitong kotse at bumaligtad. He was dead on the spot. Labis siyang tumangis sa pagkawala ng stepbrother. She never thought she could recover from her loss. Nakatulong ang palagi niyang pagdalo sa church fellowship at ang paglipat niya sa *Baron Enterprises* dahil naging okupado ang kanyang oras.

Ang trabaho niya ngayon ay ang puwestong iniwan ni Resty sa kompanya. Buhay pa si Resty ay pinag-submit na siya nito ng resume sa *Baron Enterprises*. Minsan na niyang nakilala sa company gathering ang ilang kasamahan ni Resty pati na rin si Gerry, na siyang assistant ng CEO. Maging si Adrian ay kilala na rin niya sa pangalan. Bukambibig ito

ni Resty sa tuwing nagkukuwento ito tungkol sa trabaho nito at palagi niyang nakikita ang mukha nito sa dyaryo. Her stepbrother looked up to Adrian. Ito raw ang idolo nito sa talino at gandang lalaki.

She had her own impression of Adrian based on his photos on the newspapers. He was ruggedly handsome man and seemed very powerful. She also knew that Adrian was a womanizer.

Sapat na sa kanya na naging kapalit siya ni Resty sa posisyon nito sa kompanya bilang Research Analyst. May tatlong buwan palang mula noong mapasok siya roon at hanggang ngayon ay hindi pa rin siya makapaniwala na binabayaran siya ng malaki ng kompanya para sa isang trabahong gustung-gusto talaga niyang gawin. Dati siyang sumusuweldo nang sapat lang bilang librarian sa isang montessori sa San Juan. She was now receiving triple of what she was earning before.

Napalingon siya sa pinto ng opisina nang bumukas iyon. Pumasok si Gina. She was a thirty-eight-year-old sophisticated woman. Ito ang tumatayong Executive Assistant ni Adrian. Maganda ito.

“Tapos na?” tanong nito na ang tinutukoy ay ang research work niya.

"Okay na, Miss Gina," sagot niya.

"Okay. Have that printed out. Anytime ay darating na si Boss Adrian. Gusto niyang nasa table niya ang hard copy pagdating niya."

Tumango si Cary. "Kailan ba siya darating?" Hindi na niya hino-'ho' si Gina dahil na rin sa kagustuhan nito. Bata pa naman kasi ito.

Naupo si Gina sa harap ng table niya. "Ewan ko nga ba. Ilang araw nang hindi tumatawag. Hindi ko alam kung nasa States ba siya o bumalik sa Europe." Ngumiti ito. "Hay, siguro'y tapos na ang business trip niya at ngayo'y nagliliwaliw na kasama ang girlfriend." Humarap ito sa kanya. "Kilala mo ba si Ellaine Merced?"

Tumango siya. Isa itong beauty queen.

"She is our boss' current beau. Pero tingin ko'y medyo tinamaan na si Boss this time. Si Ellaine so far ang pinakamatagal niyang karelasyon kung hindi ako nagkakamali." Gina sighed. "What a life that man leads! Glamour, luxurious cars, exotic travels, beautiful women… ewan ko nga ba kung kailan makakaisip mag-settle down 'yang boss natin. Kaya ako nag-asawa na lang, kasi nagsawa na ako sa kahihintay na ligawan niya ako." Sinundan nito

ng tawa ang sinabi.

Napangiti si Cary. Nasisiyahan siyang pakinggan ang mga kuwento tungkol kay Adrian pero hindi siya pabor sa pagiging playboy nito. Marahil ay dahil lumaki siya sa konserbatibong pamilya at konserbatibo rin ang pananaw niya sa buhay.

She was about to say something when the door of her cubicle opened. Natigagal siya nang nakita ang lalaking pinag-uusapan nila.

Napalingon si Gina. Nagulat din ito pagkakita kay Adrian. “Boss! You’re back! Bakit hindi ka man lang tumawag?”

“Hindi na ako bumalik sa Europe at Amerika after my trip to Rio de Janeiro. Instead, I flew to China then Hongkong. Tumuloy na ako rito. How’s everything?” usisa nito. “I went to your office, narito ka raw,” anito bago tinapunan siya ng sulyap.

Hindi malaman ni Cary kung tatayo o hindi. His dark eyes created an instant and intense masculine impact on her. “G-good morning, Sir,” sa wakas ay nasabi niya.

Bahagya itong tumango. “You must be Resty’s replacement,” turan nito sa seryosong anyo.

Tumango siya at kiming ngumiti rito. But he did not smile back. Bagkus ay nakita niyang kumunot ang noo nito.

Nagtaka si Cary. Ang sabi ni Gina ay may nakahanda raw ito palaging smile sa mga tao lalo na sa mga babae. Siguro ay bago pa lang siya kaya ganoon, ipinagpalagay niya.

Nang ibinalik ni Adrian kay Gina ang atensyon nito at sa mismong harap ng mesa niya ay nag-usap ang mga ito, hindi nagawang alisin ni Cary ang mga mata sa amo. Her eyes were drawn to his sensual mouth as he talked—noting its full, passionate look. She remembered her stepbrother's comments saying that women found Adrian irresistible and it was true. Her heart began beating faster and she forced her gaze lower.

Ngunit hindi niya maalis ang tingin dito. She stared at the deep cleft on his firm chin. Bagay na bagay iyon sa squarish jaw nito. That cleft and jaw reminded her of her favorite Hollywood star. Bumaba ang kanyang paningin sa suot nitong kulay asul na *Lacoste* jacket na ipinatong sa kulay puting shirt. Ang pantalon nito ay kulay itim. His polished black leather loafers gleamed under the bright fluorescent lights.

Dinig niya ang pinag-uusapan ng mga ito pero hindi niya maunawaan iyon dahil ang atensyon niya ay nasa binatang amo.

Without warning, Adrian turned swiftly, his gaze locking with hers. Humakbang ito ng dalawa palapit sa mesa niya.

"Cary Mendez, right?" tanong nito. Halos magsalubong ang mga kilay nito. Was he mad at her?

Tumayo siya. "Yes, Sir. My name is Cary Mendez."

"Ikaw ang kapalit ni Resty Aguilar."

Tumango siya. Kanina pa nito sinabi iyon, inulit na naman nito.

Bumukas ang pinto at pumasok si Gerry. "Siya nga ang kapalit ni Resty. She's actually Resty's stepsister. I've already discussed this with you before and like I told you, she's a very efficient employee. She's a fast learner."

"Okay," ani Adrian na nakatingin pa rin nang derecho sa mga mata niya. "I need to talk to you. In my office." Tumalikod ito at huminto sa tapat ng lalaking kanang kamay ng kanilang boss. "How's my schedule for today, Gerry? I need to talk to Cary first

before anything else."

"Nang tumawag ka kanina on your way here, nasa appointment din ako sa labas. I've already made you a couple of appointments gaya ng instruction mo. Mr. Vivar will meet you before lunch and another meeting is set after that. I rushed here to be with you in all those appointments."

"Reset the appointments with them. I need to study some papers before I talk to Miss Mendez." Nilingon nito si Cary. "In my office at three pm." He headed for the door leading to the main hallway without waiting for an answer from anybody in the room.

Nagkatinginan sina Gina, Gerry at Cary.

"Ano'ng nangyari doon?" tanong ni Gina. "Bakit biglang sumeryoso?"

Nagkibit-balikat si Gerry. "Ewan ko. Kanina, tinawagan ako sa cellphone. Kailangan daw makausap niya si Anastacio Vivar. I knew he was coming pero hindi ko na sinabi sa iyo. Hindi ko naman alam na dito siya tutuloy. Akala ko'y magpapahinga muna siya sa condo unit niya o sa bahay sa Alabang."

Napalunok si Cary. Ang totoo ay inaalihan siya ng kaba sa nakita niyang kaseryosohan at kaistriktuhan

ni Adrian Baron. “Boss Gerry, baka naman hindi nagustuhan ni Boss ang report ko na in-email mo sa kanya noong isang araw. Baka bigla niyang naisip na ako ang gumawa niyon kaya biglang nagbago ang mood niya. ’Tapos… ikaw nga ang nagrekomenda sa akin bilang kapalit ni Resty.”

Umiling si Gerry. “Ewan ko lang. I was as surprised as you are. Hindi ugaling magpa-cancel ng appointment ni Adrian. Baka may hindi magandang nangyari sa kanyang trip. Baka nag-away sila ni Ellaine.”

Nagkibit-balikat si Gina. “Whatever! Basta, naguguluhan ako bigla sa kanya. He’s not like that.”

“Huwag na lang ninyong pansinin,” ani Gerry.

Sabay na lumabas ang mga ito mula sa kanyang opisina. Hindi pa rin siya mapakali. In a matter of three hours ay makikipagharap siya rito. Ngayon niya napagtanto ang isang bagay ukol dito. She recognized a blatant male arrogance in him–that physical glow and sensuality combined with the sense of power arising from the enjoyment of being in command of others.

Bakit ganoon? Akala ni Cary ay mabait itong amo pero iba ang nakita niya ngayon sa mga mata

nito at sa pananalita. If he would treat her this way everyday, magre-resign na lamang siya at babalik sa dati niyang trabaho. Tatanggapin siya uli roon sigurado. Kahit malaki ang suweldo niya, mas gugustuhin niyang mag-librarian, huwag lang siyang tratuhin nang ganoon ng kanyang amo.

Nasa ganoon siyang isipin nang nag-ring ang kanyang trunk line. Dinampot niya iyon. "Research Department, how may I help you?"

"Miss Beautiful," anang kabilang linya.

"Miss Gina, bakit?"

"Nagpa-cater ng lunch si Boss Adrian para sa office staff sa conference room, mamayang twelve. Be there."

"Count me out," sabi niya. "May lunch date ako, eh." Naka-oo na siya sa kababata niyang si Mike. Ang opisina nito ay malapit lang din sa building nila.

"Ano ka ba? I wouldn't ignore this, if I were you." Narinig niyang huminga ito nang malalim. "Cary, alam mo, ngayon lang siya naging cold ang treatment sa isang employee. That isn't like him. Any idea what's wrong?"

"M-malay ko. Pero okay lang 'yon. Malalaman

ko mamaya pagkatapos ng meeting namin."

"Naku, mabuti naman at hindi ka worried. Baka nga tama ang hinala ni Gerry na nag-away sila ng girlfriend niya. Pero Diyos ko, hindi naman ganoon si Boss Adrian. Walang nababago sa mood niyan kapag nakikipaghiwalay sa babae. But please take my advice and come to the staff luncheon. Maiintindihan ka naman siguro ng kung sino man 'yang ka-date mo. Bukas na lang 'ika mo kayo mag-lunch o di kaya mamaya na lang dinner kayo lumabas."

"O-okay. I'll be there." Nang naibaba niya ang telepono ay ini-dial naman niya ang numero ni Mike.

"So, hindi na naman pala tayo matutuloy?" mahinang sabi ng binata sa kabilang linya.

"Sorry talaga, Mike, ha? Biglaan kasi ang luncheon meeting. I never realized na ganoon pala katindi itong boss ko at pag dumarating galing sa business trip, nagbu-blow out sa mga empleyado." Pinili niyang magbiro para pagaanin ang nararamdaman ni Mike. Isang linggo na kasi itong naghihintay na pagbigyan niya.

"Dinner na lang?"

"Eh…"

"I knew it. Ayaw mo talaga ng dinner."

"Hindi naman sa ganoon, kaya lang baka maging KJ lang ako. Madali kasi akong antukin, alam mo 'yan. Alas ocho pa lang ng gabi, naghihikab na ako. Sa Monday na lang, lunch. Promise, hindi na maka-cancel."

"Sinabi mo 'yan ha?"

"Oo, promise."

"O sige na nga. Pero mamaya, daanan kita sa uwian."

"Naku, huwag na. Dala ko ang kotse ko." She drove a secondhand *Nissan Sentra*.

"All right. Better luck next time na lang ako. Ewan ko nga ba, ang haba ng patience ko sa iyo."

Mahinang tawa ang isinagot ni Cary. Gusto niyang sabihin dito na hindi niya ito inoobliga na magtiyaga sa kanya. In the first place, noon pa man ay sinabi na niya rito na pagtinging-kaibigan lang ang kaya niyang ibigay rito pero ito ang mapilit. Hangga't hindi raw nito nakikita na may boyfriend na siya o asawa, hindi raw ito titigil nang kakasuyo sa kanya.

Matapos silang magpaalaman ni Mike ay

napaisip si Cary tungkol sa kung ano ang sasabihin sa kanya ng boss nilang si Adrian Baron mamaya. Huminga siya nang malalim pagkuwan. Pinasadahan niya ng mata ang report na sinubmit niya kay Gerry at in-email naman nito kay Adrian. She had to be prepared for any question that Adrian might ask.

Hah! Kayang-kaya niyang sagutin ang anumang itatanong nito sa kanya. She carefully studied and researched the project. Walang dahilan para mapahiya siya rito.

Pero kahit anong gawin niyang pagpapakalma sa sarili, bumibilis ang pintig ng kanyang puso sa tuwing maiisip na magkakaharap sila ng lalaki. Takot marahil iyon. Hindi kasi niya inaasahan ang pagsusungit nito gayong halos lahat ng babae sa kompanya ay humahanga sa kabaitan ng lalaki.

Whatever his reason was, she had to be prepared to face him.

# 2

The catered luncheon was served in the building's largest conference room and went on for almost two hours. Masasarap ang mga pagkain nakahain doon.

Hindi ugali ni Cary na ma-intimidate sa kahit na sino, babae man o lalaki, pero hindi niya mawari kung bakit pakiramdam niya ay palaging nakatingin si Adrian sa kanya. O baka naman iniisip lang niya iyon dahil sa nalalapit nilang pag-uusap mamaya?

She slid back to her chair while holding her plate, determined to stay out of Adrian's range of compelling gaze.

Hindi niya maiwasang pansinin kung gaano ito ka-friendly sa mga empleyado. He questioned each and everyone about their activities. Naririnig niya ang pagtawa nito sa pakikinig sa nakakatuwang kuwento ng ilan. Then, he told the tales of his own adventures with brevity and wit, holding the attention of his admiring audience.

Ang tensyon na naramdaman ni Cary simula pa kaninang sinungitan siya nito ay unti-unti ngayong nawawala habang nakikinig siya sa mga usapan. Sa

tingin niya, hindi na mainit ang ulo nito. Perhaps he did not understand something in her last report and only wanted to question her about it more thoroughly.

Para mawala nang tuluyan ang nerbyos ay ibinuhos na lang niya ang atensyon sa pagkain. Pinilit niyang huwag nang tumingin kay Adrian habang nagsasalita ito sa karamihan.

"Don't you agree, Miss Mendez?" bigla ay narinig niyang tanong ni Adrian.

Pag-angat ng mga mata niya nasalubong niya ang tingin nito. Nakakunot ang noo ng binata.

"A-agree? I'm… I'm sorry, I wasn't paying attention, Sir," tugon niya. Alam niyang namula ang mga pisngi niya dahil sa pagkabigla at alam niyang nakatingin sa kanya ang lahat ng mga naroon.

"I guess you've been completely ignoring all of us," sarkastikong anito. "Everyone was listening to what I was saying."

Magpapaliwanag sana siya pero inunahan siya ni Gerry. "Give Cary a break, Adrian. Most women get tongue-tied in your presence. Isa pa, ngayon ka lang nakilala ni Cary."

Nagtawanan ang lahat ng naroon maliban sa kanilang dalawa ni Adrian. Gusto niyang magprotesta sa sinabi ni Gerry pero hindi siya nabigyan ng pagkakataon.

Seryoso ang mukha ni Adrian nang nagsalita ito. "You'd make a great diplomat, Gerry, and a lawyer too. Mahusay kang magtanggol," saad nito bago tumayo. "Sorry, I have to leave now but I want all of you to enjoy the rest of the meal," sabi nito sa mga empleyadong naroon. Bumaling ito kay Gina pagkuwan. "Please get the red paperbag in my office. I have little gifts for the ladies. Para sa mga lalaki, bukas na lang. My pasalubongs for the guys are still packed in my luggage."

There were murmured of thanks and exclamations of delight from the crowd. Hindi na hinintay ni Cary na mabigyan siya ng kung anumang regalo iyon. Baka hindi siya kabilang sa bibigyan, mapahiya pa siya. Lumabas siya pagkalabas ni Adrian.

Sa halip na magtuloy sa kanyang cubicle ay sa ladies' room nagpunta si Cary. Pakiramdam niya ay noon lang siya nakahinga nang maluwag. She was still wondering why Adrian acted to her that way. She saw something in his eyes. Parang galit itong hindi niya mawari sa kanya.

Nakaharap siya sa salamin na tila kinakausap ang sariling repleksyon nang bumukas ang pinto at iluwa niyon ang receptionist nilang si Olga. Halos kasing-edad niya si Olga at sa kanyang pagkakaalam, isa ito sa mga patay na patay kay Adrian. Sexy ito at maganda. Ka-vibes na rin niya ang dalaga at naikuwento na nito sa kanya na ultimate dream nito na magkaasawa ng mayaman na gaya ni Adrian, dangan nga lamang at hindi ito pinansin ng lalaki. Kaya nagbabakasakali na lang ito sa mga kliyente ng *Baron Enterprises* na nakikilala nito.

"Uy, 'andito ka pala," masayang bati ni Olga. Itinaas nito ang kaliwang braso. "Look, ang ganda ng gift ni Boss sa atin. 'Yung sa iyo, bakit hindi mo kinuha?"

"Wala ako n'yan. Bago lang ako, hindi pa regular."

"Are you kidding? Kung ang mga janitress nga meron, ikaw pa kaya? Baka na kay Miss Gina ang sa iyo. Kuhanin mo na." Inilagay ni Olga ang dalawang kamay sa tapat ng puso nito. "Hay! Ang bait talaga ni Boss. Super guwapo na, super yaman pa! Ang suwerte ng magiging asawa niya, grabe. He's one handsome devil."

"Amen," wala sa loob na naibulong niya.

Siniko siya ni Olga. "Uy, sister. Bakit special mention ka kanina ni Boss? Is that your way to attract him?"

Nangunot ang noo niya. "Ano!"

"Pinansin ka niya kanina. I think he was intrigued by the fact that you ignored him. Kasi habang kaming lahat ay nakikinig sa kanya na parang mga avid fans, ikaw naman ay sige sa pagkain. Ilang beses ko siyang napansin na tiningnan ka. Aba, mukhang effective ang ganoong strategy, ah?"

"Olga, ano ka ba? You should know I'm not like that. Hindi ako nagpapapansin."

Nanlaki ang mga mata ni Olga. "Baka naman interesado sa iyo si Boss. Sabagay, you have all the qualities that he likes in women."

Pangalawa na si Olga sa nagsabi niyon sa kanya. Si Gina ang una. "That's impossible," tugon niya pero nakakatuwang naghatid ng kung anong kiliti sa kanyang puso ang sinabi ng receptionist.

Ang sumunod na isang oras ay parang ilang siglo para kay Cary. She kept thinking of reasons why Adrian would be unhappy with her work. Siniguro sa kanya ni Gerry na maayos ang kanyang ginawa. Huminga siya nang malalim nang sa wakas

ay sumapit ang alas tres. At last, she could end the suspense. Saglit niyang sinulyapan sa compact mirror ang mukha bago lumabas sa kanyang cubicle.

Kumatok siya sa opisina ni Gina na unang papasukin bago ang inner office ni Adrian. "Ready na ba si Boss? Alas tres ang meeting ko sa kanya," paalala niya kay Gina.

"I'll check. Pero bago ko siya tawagan, isuot mo muna ang bracelet na bigay niya. Sa dami kong inasikaso, nalimutan ko nang iabot sa iyo. Umalis ka kasi agad kanina." Akma nitong bubuksan ang drawer nito.

"Mamaya na, Miss Gina," tanggi niya.

"Okay," anito. Dinampot nito ang receiver ng intercom at mahinang kinausap si Adrian. Mayamaya ay humarap ito sa kanya. "You may go in now, Cary. Goodluck."

Ang puso niya ay ubod-lakas ang pintig habang palapit siya sa opisina ng amo. Ngayon lang siya makakapasok doon. Upon pushing open the heavy door, she saw Adrian standing with his back on her, gazing out the window. He turned around slowly, surverying her silently for several moments before speaking. "Sit down, Miss Mendez."

Napalunok siya. His voice held such caressing, vibrant quality that she felt as if he touched her. Naupo siya sa guest chair sa harap ng black mahogany desk nito. Lihim siyang nagpasalamat na may dala siyang orgaziner at ballpen. Those things gave her tense hands something to occupy.

Naupo sa black leather chair nito si Adrian. Derecho ang tingin nito sa kanyang mga mata nang ito ay nagsalita. “I’m sure you’re aware your work is excellent,” saad nito. The unexpected words of praise were in total contrast to his icy tone.

Pinilit niyang patatagin ang sarili. Kahit parang matutunaw siya sa uri ng tingin nito ay sinalubong niya ang mga mata nito. “That’s nice to hear, Sir. Thank you.” She was grateful that she did not buckle even if her heart was pounding thunderously.

“Were you and your stepbrother close?”

Nagulat siya sa tanong nito. Never for one moment had she thought Adrian might want to discuss about Resty.

“Bakit? Nagulat ka bang itinanong ko sa iyo si Resty?”

“N-no, Sir. It’s just that… well, we were. We were exceptionally close. I literally idolized him. When

our parents died, he was the only family I had."

The pupils of Adrian's eyes darkened in what almost appeared to be anger. "How touching! Ibig mong sabihin, he was the one who led you into a life of crime?"

Nabigla si Cary sa sinabi nito. Parang gustong sumabog ng utak niya at puso sa narinig. What the hell was he talking about?

"A-ano'ng ibig mong sabihin, Mr. Baron?" Alam niyang nanginig ang kanyang boses. Parang gusto na niyang umiyak.

He leaned back in his chair, studying her with a sardonic expression. "I don't owe you any explanation. This isn't turning out at all the way I expected. I thought you'd try a few tears on me. Maawain ako sa mga babaeng umiiyak."

Nagngalit ang kanyang mga bagang. Nakuha niya ang punto ni Adrian. Galit ito sa kanya dahil inisip nitong may ginawang masama si Resty noon at siya naman ngayon ang nagpapatuloy niyon. She started to rise from her seat. Hindi niya gustong bumunghalit ng iyak sa opisina ni Adrian.

Pero bago pa siya nakatayo ay nagsalita na ito. "I advise you to remain seated. I'm not finished with

this meeting–not until I find out who is purchasing information about my business affairs from you!"

Cary felt almost sick from shock. Muli siyang napaupo sa guest chair, napatitig sa kaharap. She was numbed and speechless. Hindi niya lalo akalain na maririnig ang gayon kay Adrian.

Nagpatuloy ito. "Kung kailangan mo ng pera pagkatapos na mamatay ni Resty, you should have told me. That could be easily arranged. May mga kakilala ka dito sa kompanya kahit hindi ka pa dito nagtatrabaho noon."

She cleared her throat. Mabuti na lang at napigil niya ang mapaiyak. Marahil ay dahil nabuong bigla ang inis sa kanyang puso.

"Hindi ko kailangan ang pera mo, Mr. Baron." Wala na siyang pakialam kung saan man hahantong ang usapang iyon. Prinsipyo at pagkatao na nila ni Resty ang nakataya ngayon. "Would you explain exactly what you're accusing me of?" Hindi niya itinago ang iritasyon sa kanyang boses.

Iniikot nito ang swivel chair at napaharap sa bintana. "Why play games, Miss Mendez? Alam ko kung ano'ng ginawa ng kapatid mo at ikaw naman ngayon. Denying it would only waste our time. If

you're worried about the legal action I intend to take–"

"Wala akong ginawang masama, Mr. Baron. At nasisiguro kong wala ring ginawa si Resty para magsalita kayo nang ganyan. I demand that you tell me the basis for your false accusations!"

He turned back to face her. Pumikit ito saglit bago sumandal sa swivel chair. Pinagsalikop ang dalawang palad sa ibabaw ng desk nito. "I find this difficult. Why are you forcing me to bring charges to a dead man?"

Agad na pumasok ang isang realisasyon. Hindi niya napigilan ang biglang pagkagalit. "So that's what happened! Ipinatawag mo si Resty gaya ng ginawa mo ngayon sa akin para ibintang ang isang bagay na wala ka namang basehan. Was that what upset him so much that he didn't see where he was going that night?" Himalang hindi tumulo ang kanyang luha. Wala siyang nararamdaman nang mga sandaling iyon kundi ngitngit. "Nagkamali ako sa paniniwalang mahusay kang businessman, Mr. Baron."

"I didn't do such thing. At wala kang karapatang pagsalitaan ako nang ganyan." Tiim ang mga bagang nito. "Listen very well, Miss Mendez…" He

heaved a sigh before continuing, "Shortly after your brother worked for me, I lost several business deals because some of my competitors knew all the details in advance. Noong una, wala akong ideya kung sino ang responsable sa pag-leak ng impormasyon. Although everything led to Resty, I had no proof. I never mentioned it to him. His death surprised me like everyone else. But the leaks stopped after his death."

Nagngalit ang kanyang mga bagang pero pinigil niyang sumigaw. "Hindi sapat na pruweba 'yon."

"Hindi. I still managed to keep an open mind although the evidence seemed fairly conclusive. I would never have brought it up again except that the leaks started again last month. Nasa business trip pa lang ako, I have already concluded something."

"Then that proves that Resty was innocent."

Nakatingin ito nang derecho sa kanyang mga mata. "Really? For me, it only proves that his stepsister took his place. Why don't you just be good and confess who's buying the information?"

Cary felt such a burst of anger she was afraid she might explode. Ano ang maari niyang gawin para linisin ang pangalan niya, lalo na ang pangalan

ni Resty?

"You don't have any witnesses," she managed to tell and soon realized her very words sounded incriminating.

"Clever girl," sarkastikong sagot nito. "I can't make you confess but I was hoping you had some conscience. Naisip ko lang, baka sakaling makonsyensya ka at sabihin mo sa akin at tulungan mo ako ngayong nasabi ko na ang gusto kong sabihin."

"I'm innocent. Ganoon din si Resty." Pakiramdam ni Cary ay sarili lang niya ang kaya niyang paniwalain sa kanyang sinabi.

Tumayo ito. "Kung iyan ang gusto mong panindigan, wala na akong magagawa. You're fired! Gather all your things and just leave."

Gustung-gusto na niyang sunggaban ito at daklutin sa mukha… pagsusuntukin dahil sa mga pinagsasabi nito. Tumayo siya. Pinatapang siya ng pagkakataong iyon. "I have every intention of leaving."

"Isa lang ang gusto kong hingin sa iyo. Don't mention this to any other employee."

Tiningnan niya ito. “Not mention it? I’m supposed to walk out in the middle of the afternoon without a word to my friends? Bakit? Para maaari mong sabihin sa kanilang lahat na kami ni Resty ang may kasalanan?”

Nagngalit ang bagang ni Adrian. “Magkano ang kailangan mo para huwag nang lumabas ng opisina ang usapang ito?”

Parang bulkang sumabog sa pandinig niya iyon. Sobra na ang pang-iinsulto nito. “Kawawa ka naman, Mr. Baron. Someone needs to teach you that money is not the answer to everything.” Tinalikuran niya ito.

Bigla ay naramdaman niya na may pumigil sa kanyang baywang. His punishing fingers made her turn around. Fighting down an unfamiliar wave of trembling, she marveled at the power of this man to make her feel so intensely aware that she was a woman.

Sinalubong ng tingin niya ang nagbabagang mga mata nito. “You’re not leaving here until we come to some sort of understanding,” sabi nito sa pagitan ng nagngangalit na ngipin. “I don’t want my employees to know that I hired a couple of traitors. Kung ayaw mo ng pera, ano ang kailangan mo?”

She stared into the stormy eyes, stunned by the realization that after all he had said, she still found him attractive. Licking her lips nervously, she whispered, “I won’t say anything today.”

Nakita niyang nagliwanag ang kanina ay madilim na anyo ng mukha nito. He stepped back. “Good. Why don’t you tell them you have a headache and go home? Sabado bukas, walang pasok. I’ll call you at home. Kailangan pa nating mag-usap so leave your number.”

“Siguradong tatanungin ako nina Boss Gerry at Miss Gina tungkol sa meeting na ito. What should I tell them?”

“Tell them I was just reviewing your research,” anito. Bumalik ito sa mesa nito at naupo uli. “You can leave now.”

Parang wala siyang panimbang habang palabas ng pintuan. Nang nadaanan niya si Gina ay inusisa siya agad nito.

“What’s the meeting all about?”

“T-tungkol sa trabaho,” pagsisinungaling niya.

“May mali ka? Kaya ganoon ang trato niya sa iyo kanina?”

Tumango siya. "May… may gusto siyang ipabago." Mabigat na mabigat ang kanyang dibdib. Hindi niya akalaing mangyayari ang ganoon sa kanya sa araw na iyon. Hindi niya akalaing pag-iisipan silang dalawa ni Resty ng hindi maganda.

Mabigat din sa dibdib niya na magsinungaling. Mananahimik na lang ba siya? Hahayaan niyang isipin ni Adrian na kriminal sila ni Resty? Hindi ba niya magagawang linisin ang pangalan nilang dalawa?

Pumihit siya para bumalik sa opisina ni Adrian. "I forgot something, Miss Gina. Kailangan kong makausap uli si Mr. Baron."

"Wait! Sandali! Baka…"

Hindi na niya inalintana ang pagpigil ni Gina sa kanya. She pushed open the heavy door once more and marched in.

Adrian was sitting sideways, his chiseled profile as remote and handsome as ever. He was speaking with someone on the phone. He frowned when he saw her. "Sorry, something came up. I'll call you again later," sabi nito sa kausap. Agad nitong ibinaba ang awditibo at humarap sa kanya. Nakakunot ang noo nito. Halos magpang-abot ang mga kilay nito.

"What?" iritadong tanong nito.

Lumapit si Cary. Wala ni katiting na takot siyang nararamdaman. She looked at him straight in the eyes. "I want to tell you something, Mr. Baron."

"Well? Make sure it's worth my time, Miss Mendez."

"I have several points to say to you. First, I haven't sold any information and I'd be willing to swear that my stepbrother Resty didn't either. Second, I'm not going home and I'm not quitting."

Tumayo ito. There was a glint of something in his eyes–was it amazement or amusement? She was not sure. Bahagya nitong ikiniling ang ulo.

"You surprised me, Miss Mendez. I wish we had more time to talk now but I'm booked for the rest of the day. I'll get your number and I'll call you tomorrow."

Walang paalam na dinampot niya ang *Parker* pen sa ibabaw ng mesa nito at isinulat sa notepad na naroon din ang landline number niya sa bahay. Inilagay rin niya ang kanyang cellphone number. Hindi niya alam kung saan siya humuhugot ng lakas ng loob sa mga sandaling iyon. Marahil ay sapat na ang katotohanang wala siyang dapat ikatakot

kaya siya nakakaakto ng ganoon. Ibinaba niya ang notepad at derecho pa ring nakatingin dito.

"I expect to hear from you, Mr. Baron. Hindi ako aalis sa kompanyang ito hangga't hindi ko nalilinis ang pangalan ko at ng stepbrother ko."

Nakatitig sa kanya si Adrian. "Are you saying you will do anything to prove that you and Resty are innocent?"

Matatag ang kanyang tugon. "Anything." As she left the room, she was wondering why his eyes were gleaming so brightly.

# 3

Napabuntong-hininga nang sunud-sunod si Adrian pagkalabas ni Cary sa pinto. A variety of emotions swept through him—first, relief, then amusement over her fierce manner and lastly, an intense desire to hold her in his arms.

Napailing siya. His eyes narrowed and he stared out of the window. How long had it been since he had been knocked by a woman the way Cary Mendez did? Nang nalaman niya kay Gerry na kapatid ni Resty ang pumalit dito, agad niyang inisip na ora mismo ay kakausapin niya ito at paaaminin. But when he saw her the first time, hindi niya napigilan ang sarili sa atraksyong naramdaman. It was normal for him to get attracted to beautiful women like Cary. Hindi siya dapat magpadala sa kanyang emosyon.

He and Ellaine just broke up. Sabay silang umalis pero magkaiba ang kanilang destinasyon. Ellaine was a part-time model. She had a modelling stint in Europe. Gusto sana nitong sundan niya ito sa Europe pero hindi niya nagawa. Mas priority niya ang pagpapalago ng empire niya kaysa relasyon niya rito o sa kahit kaninong babae. Sa edad niyang

tatlumpu't dalawa, wala pa sa hinagap niya ang pag-aasawa o pagpapamilya. Well, hindi pa rin handang mag-asawa si Ellaine. Pagkatapos ng reign nito bilang *Miss International* ay bumalik ito sa pagmomodelo. Ang hindi niya gusto sa babae ay ang pagiging possessive nito. Hindi niya kayang ibigay ang buong atensyon niya rito.

From the very start of their relationship, he was very vocal in telling her about his priorities in life. Numero uno sa kanya ang lalong pagpapalawak ng kanyang mga negosyo.

May malaking dahilan kung bakit ganoon na lamang ang kagustuhan niyang mas palakihin pa iyon. Anak siya sa pagkakasala ng ina niya at ang ama niya ay may legal na pamilya. Nang mamatay ang kanyang ina noong sampung taong gulang siya, napilitan ang ama na kupkupin siya at ipisan kasama ang tunay na pamilya nito. Ang buhay niya ay maihahambing sa isang telenobela dahil sobrang pang-aapi ang natamo niya sa kanyang madrasta at half-brother na limang taon ang tanda sa kanya. Palaging nasa biyahe noon ang ama kaya hindi nito nalalaman ang kaapihang ginawa ng madrasta niya sa kanya.

Nang nasa high school na siya ay hindi na siya

nakatiis. Nagpaalam siya sa ama na aalis na lang sa bahay nito. Kinupkop siya ng lola niya, ang ina ng kanyang ama. Tinanggap siya nito nang buong-buo. Nang pumanaw ito isang taon pagkatapos niyang mag-graduate ng kursong Business Management, hindi niya akalaing ipamamana nitong lahat sa kanya ang mga ari-arian nito at pera. Mas lalong nagalit ang madrasta niya at half-brother na si Rupert. Umapila ang mga ito sa korte para habulin ang mana pero dahil in-anticipate na ng lola niya na maghahabol ang mga ito, nagbilin na ito sa isang magaling na abogado para hindi mabawi ang ipinamana nito sa kanya. Ginawa iyon ng lola niya dahil alam nito na wala siyang aasahan sa amang sunud-sunuran sa asawa nito.

Nang namamatay ang kanyang ama at muli silang nagkita ni Rupert ay sumumpa itong gagawin nito ang lahat ng paraan para ibagsak ang mga negosyo niya. Bagay na alam niyang ginagawa nito talaga. Nagtayo rin ito ng kompanyang gaya ng sa kanya at alam niya na ito ang sumusulot ng iba niyang proyekto. Hindi lang ang pag-agaw nito sa negosyo ang ginagawa ni Rupert. Madalas ay sinusulot nito ang babaeng nali-link sa kanya. Hindi na siya magtataka kung isa sa mga darating na araw ay mabalitaan niyang nakikipagmabutihan

na ito kay Ellaine. Rupert was willing to do anything and spend fortunes for the sake of hurting him in any way. Ngunit hindi pa naman ito nagtagumpay sa pagpapasakit sa kanya sa larangan ng puso. Because as far as his heart was concerned, he had never been one hundred percent in love with any woman. Kahit kay Ellaine pa na pinakamatagal niyang nakarelasyon.

He secretly wanted to be close with his half-brother but it seemed impossible. Ayon sa lola niya bago ito namayapa, kailangan na raw niyang tanggapin na hindi siya kayang magustuhan ni Rupert dahil pinalaki ito ng mama nito sa ganoong paraan. Habambuhay na siya nitong ituturing na kaaway. Ang mga pang-aalipusta nito at ng ina nito ang nagpatibay ng dibdib niya. He wanted to be the best.

Ang ipinamana ng lola niya sa kanya ay hindi niya pinabayaan. Isinanla niya sa bangko ang dalawampung ektaryang lupa sa Batangas na ipinamana nito, ibinenta ang bahay sa Muntinlupa at idinagdag ang napagbilhan sa pera sa bangko na iniwan nito. Pumasok siya sa stock market. Marahil ay kakambal niya ang suwerte kaya naging triple agad ang pera niya na sumapat na para makaisip pa siya ng mas malawak na pagkakakitaan.

And the rest was history. He was able to buy shares of stocks from different companies hanggang sa naitatag nga niya ang *Baron Enterprises* that specialized in acquisition of assets. He was known now as one of the most successful young businessmen in the country.

Nagpakawala siya ng malalim na hininga. Naisip niya si Rupert. Hindi niya alam kung hanggang kailan ito titigil sa pagpapabagsak sa kanya. He seemed to be the most insecure person on earth. Siya raw ang dahilan kung bakit naging miserable ang buhay ng ina nito. Siya ang dahilan kung bakit nawala ang amor ng lola nila rito at siniraan umano niya ito sa lola niya kaya sa kanya ipinamana ang lahat ng kayamanan ng matanda. Ginawa niya ang nararapat na pag-aalaga sa lola niya nang nagkasakit ito at naratay sa banig ng karamdaman dahil sa cancer sa loob ng dalawang taon. He felt so devastated when he learned about her sickness. Ito lang ang itinuring niyang pamilya dahil hindi rin siya naging malapit sa ama.

His experiences made his heart stronger. Pero hindi totoo ang sabi ng iba na heartless siya at emotionless. He had his own weaknesses. Gaya na lang kapag umuuwi siya sa malaking mansion niya sa Alabang. He was rich and powerful but he was

a lonely man. Multi-millionaire businessman siya pero hungkag ang kanyang pakiramdam sa tuwing uuwi sa bahay.

Si Nanay Viring, ang kanyang mayordoma, ang nakangiting sumalubong sa kanya sa doorway. Niyakap siya nito. "Diyos ko, Adrian, bakit hindi ka man lang nagpasabi na ngayon ka na uuwi? Hindi ako nakapagpahanda ng espesyal na hapunan."

Hinagkan niya ang matanda na itinuring na niyang kapamilya. "Nanay Viring, huwag na kayong mag-alala. I just came from an early dinner appointment. Sa opisina kanina, nagbigay din ako ng luncheon treat kaya full na full ako."

Iniyapos ni Nanay Viring ang kanang braso nito sa baywang niya. Hanggang kili-kili lang niya ang matabang mayordoma.

"Ni hindi mo ako naalalang tawagan nang nasa opisina ka."

Nagpakawala siya ng pagak na tawa. "Hay naku, Nanay Viring. You should realize how busy I was upon my arrival. Kaliwa't kanan ang telephone calls, meetings, etcetera."

"Adrian, anak, huwag ka namang masyadong magpakamatay sa pagtatrabaho. Trabaho ka nang

trabaho, nakalimutan mong tumatanda ka na."

Tumawa siya uli. "Hindi pa ako matanda, Nanay."

"Treinta y dos ka na. Sabi ng lola mo noon, dapat ay mag-asawa ka bago mag-treinta."

"Nagtatrabaho akong mabuti para hindi mapahiya kay Lola. Alam kong ipinagmamalaki niya ako ngayon. Alam kong iniisip niya na hindi siya nagkamali sa pagpapamana sa akin ng buong kabuhayan niya. Ipinangako ko sa kanya na hindi ko pababayaan ang pera niya."

Huminto sa paglalakad si Nanay Viring. "Pero hindi naman gusto ng lola mo na tumanda kang binata. Sino'ng pag-iiwanan mo ng mga kayamanan mo kung hindi ka mag-aasawa?"

Hinaplos niya ang buhok ng babae. "Sino ba'ng maysabi na hindi ako mag-aasawa?"

Umingos ito. "Paano ka namang makakapag-asawa? Halos linggo-linggo iba ang girlfriend mo. Si Ellaine lang ang medyo nagtagal."

"Wala na rin po kami ni Ellaine."

Nagulat ito. "Na naman?"

“Ganoon talaga, ’Nay.”

“Anong ganoon? Ginagamit mo kasi ang gandang-lalaki mo palagi. Masyado kang playboy. ” Sumeryoso ang mukha ni Nanay Viring. “Sana naman, sa susunod na ma-in love ka, sa kasalan na mauwi.”

Isang malutong na halakhak ang isinagot ni Adrian. Itinuon niya ang pansin sa boy na kasunod nila na may dala ng dalawang maleta. “Ely, ’yung mas malaking maleta, sa kuwarto ni Nanay Viring mo ituloy.”

“Pasalubong mo lahat ’yon?” nagniningning ang mga matang tanong ng matanda.

Tumango siya. “Bahala na kayong mag-distribute sa mga katulong. Nakabukod na ‘yung para sa inyo.”

Mahigpit na niyakap siya nito. “Salamat, anak. Iyan ang gusto naming lahat sa ’yo. Kahit gaano ka ka-busy, hindi mo nalilimutang mag-shopping ng mga pasalubong sa tuwing may business trip ka.”

Hindi na niya sinagot ang sinabi nito. Sa totoo lang, mas madalas na iniuutos na lang niya ang pamimili ng ipapasalubong sa mga tauhan niya kapag nag-a-out of the country siya. Sign of gratitude niya iyon sa magandang pagtatrabaho ng mga ito.

Dumerecho siya sa kanyang silid matapos magpaalam kay Aling Viring.

Nang matapos siyang mag-hot shower ay pabagsak siyang humiga sa kama. He slept with only his boxer shorts on. Kahit pagod, ugali na niyang mag-isip nang mag-isip tungkol sa mga problema sa negosyo kapag ganoong nakahiga na siya. Pero sa oras na iyon, nakatuon ang kanyang buong atensyon sa pag-iisip sa nangyari sa pagitan nila ni Cary Mendez. Isa-isang ibinalik niya sa alaala ang mga naganap.

He was convinced that Cary and her stepbrother had something to do with the leaking of information from the research department. Ngunit kanina, nang harapin siya ng dalaga at tahasang sinabi na handa itong patunayan na mali ang inaakusa niya, ewan ba niya kung bakit bigla siyang nakaramdam ng relief. There was a little hope in his heart na talagang mapatunayan nito na wala itong kinalaman sa bintang niya.

Hanggang sa agawin siya ng antok, hindi na naalis sa utak niya ang magandang mukha ni Cary. She was more attractive than the women he dated in the past.

# 4

Sabado at walang pasok kaya nag-stay lang sa bahay si Cary. Bandang alas tres ng hapon na nang biglang mag-ring ang landline nila. Nagmamadali niyang dinampot iyon. Her heart was beating frantically. She was hoping it would be Adrian.

"Hello?"

"Hi, beautiful." Si Mike ang nasa kabilang linya.

"Hi, Mike."

"Kumusta? Busy ka ba?"

"Ha? Ah, eh… hindi naman."

"Sunduin kita mayamaya. Mag-malling tayo, 'tapos k'ain tayo sa labas. Hindi natuloy ang lunch natin kahapon, eh."

"May… may hinihintay kasi akong tawag, Mike," derechong sabi niya. Ang totoo ay iniisip din niyang baka naghihintay lang siya sa wala. Baka sa sobrang busy ni Adrian ay hindi na nito naalala ang sinabi nitong tatawagan siya. "Di ba sa Monday tayo magla-lunch?"

Narinig niya ang malalim na buntong-hininga ni Mike sa kabilang linya. “Nahuli na ba ako? Meron na ba?”

Tumawa siya. “Ano ka ba? Wala akong boyfriend.”

“Hay, salamat naman.”

“Pero, Mike, sinabi ko naman sa iyo—”

“Sinabi mo naman sa akin na ibaling ko na lang sa iba ang feelings ko sa iyo. Alam ko namang basted na ako. Ako lang itong masyadong mapilit.”

“Mike…”

“Naiintindihan ko naman na hindi mo ako gusto. Nagbabakasakali lang na sa palagi kong pag-imbita sa iyo, ma-develop ang feelings mo.”

“Baka may mas deserving sa akin na mahalin mo, Mike. Ako ang nahihiya kasi baka naman…”

“Baka hindi mo talaga ako kayang mahalin? Hayaan mo, tanggap ko na ’yon. Pero hayaan mong manligaw pa rin ako sa iyo habang wala ka pang boyfriend. Isasama mo pa rin ako sa church ninyo, di ba?”

“No problem,” aniya. Bigla niyang naalala, God-fearing si Mike pero bakit hindi pa rin niya ito

nagawang mahalin? Ibig sabihin lang, hindi niya maaaring panghawakan ang sinabi niya kina Gina at Olga na numero unong batayan niya sa pagpili ng lalaking mamahalin ay pananalig sa Diyos. Depende pa rin pala iyon sa pintig ng kanyang puso.

Mag-a-alas-seis na ng gabi ay hindi pa rin tumatawag si Adrian. Ipinagpalagay ni Cary na hindi na talaga ito tatawag. Baka nalimutan na nito ang usapan nila. O baka naman napag-isip-isip nito na wala itong basehan sa ibinibintang nito at balewala na iyon dito.

Dinala niya sa kuwarto ang extension wireless phone para kung sakaling tumawag si Adrian ay siya na mismo ang sasagot niyon. Pero bigo pa rin siya. What was really happening to her? Bakit ba masyado siyang hopeful sa pagtawag ni Adrian? Ano ba sa kanya kung hindi ito tumawag?

Nagbuklat-buklat siya ng Bible at nagbasa. Ilang minuto pa ang nakalipas nang mag-ring ang cellphone niya. Agad siyang kinabahan nang makitang numero lamang ang nakarehistro sa LCD ng cellphone niya.

Malakas ang kabog ng kanyang dibdib nang sagutin iyon. “H-hello?”

"Miss Mendez?"

"Y-yes?"

"Adrian here."

"M-Mr. Baron?"

"Have you been waiting for my call?"

"W-well, yes. Gusto kong matapos na ang lahat ng ito."

"I'm sorry I wasn't able to call you sooner. May importante lang akong inasikaso. Kung… kung okay lang sa iyo, can I see you tonight?"

Nabigla siya. "Tonight?"

"I have so many things to discuss with you. Be ready at seven. My driver will fetch you."

"N-no! Magkita na lang tayo, Mr. Baron."

"I said, I will let my driver fetch you. I guess kilala mo naman si Nelson, 'yung driver ko. Siya ang susundo sa iyo."

"P-pero…"

"I know your address. Inalam ko noon pa ang address ni Resty. My driver will be there on or before seven. Bye."

Hindi na niya nagawang sumagot dahil nawala na ito sa kabilang linya. Bigla ang pagsasal ng tibok ng puso niya kasabay ng agarang pag-iisip kung anong damit na isusuot niya para sa gabing iyon.

Mabuti na lang at nakapaligo na siya kaya hindi na siya nagmadali. Minabuti niyang isuot ang isang simpleng fuschia dress. Lampas-tuhod ang haba niyon pero bakat na bakat ang magandang hubog ng kanyang katawan.

Nagulat pa ang kasambahay niyang si Aling Asper nang lumabas siya ng kuwarto na nakabihis na.

"O? May date ka? Kayo ni Mike?" magkasunod na tanong nito.

"H-hindi ho si Mike at saka hindi naman ho actually date. Parang business meeting po kasama ang boss ko. Tinawagan po ako, susunduin daw ako ng driver."

Nag-uusap pa sila ni Aling Asper nang marinig niyang may pumaradang kotse sa tapat ng gate nila. Nang sumilip siya sa bintana ay nakita niya ang puting *Porsche* pagkuwan ay nakita niyang bumaba mula sa driver's seat si Mang Nelson. Kilala niya ito dahil minsan itong naging pribadong mensahero sa

opisina habang nasa business trip si Adrian.

Inihatid pa siya ni Aling Asper hanggang sa labasan.

"Good evening, Miss Mendez," bati ni Mang Nelson sa kanya.

Nginitian niya ito. "G-good evening ho."

Pinagbuksan siya nito ng pintuan sa backseat. Her heart pounded when she hopped in. Hanggang umandar ang kotse ay hindi nabawasan ang kaba sa kanyang dibdib. She had mixed emotions. Gusto sana niyang magtanong kung saan siya dadalhin ng driver pero hindi na niya nagawa. Basta patungong Makati ang direksyon nila. Ipinasok ni Mang Nelson sa underground parking ng isang condominium building ang kotse. Pinagbuksan siya nito ng pinto.

"Naghihintay na si Boss sa iyo," anito.

"S-saan ho ba ito?"

"Naroon siya sa penthouse ng building na ito. Dito niya dinadala ang mga espesyal na kaibigan niya o kausap sa negosyo," nakangiting sabi nito.

Kinilabutan si Cary. Baka kung ano ang iniisip ni Mang Nelson tungkol sa kanya—sa kanila ni Adrian. Baka sa lugar na iyon dinadala ng kanyang amo ang

mga babae nito.

Sinamahan siya ng matanda hanggang sa elevator at inihatid sa penthouse ng building. Napahinga siya nang bumukas ang pinto niyon. Bumulaga sa kanila ang napakagarbong lugar na iyon. It was like a mini-mansion.

Mula sa kung saan ay sumulpot ang malaking kaha ni Adrian. His voice made her shiver instantly.

"You may go now, Nelson. Ako na ang bahala kay Miss Mendez," sabi nito. His eyes were intently looking at her. He was wearing a beige long-sleeved polo and black wool pants.

Pakiramdam ni Cary ay pagkalamig-lamig ng kanyang buong katawan. Halos ay manginig ang mga tuhod niya sa sobrang kaba.

Adrian walked toward her. Then he stopped when he was only two steps away from her. Their gazes locked.

"This way," saad nito sa mahinang tinig. Hinawakan nito ang kanyang siko at iginiya siya sa verandah ng penthouse.

Pakiramdam ni Cary ay bolta-boltaheng kuryente ang hinatid ng simpleng hawak na iyon

ni Adrian. Iginiya siya nito sa isang round table na may pagkain. Mula sa kinaroroonan nila ay kitang-kita ang mga nagkikislapang ilaw sa buong Makati at ilang bahagi ng Kamaynilaan.

She was breathing rapidly as he pulled out her chair and she sank into it. She stared into his dark, compelling eyes as he seated himself across from her.

"You just came in time. Kaaalis lang ng nag-cater ng dinner natin." His gaze never left her face.

"Bakit dito pa tayo kailangang mag-dinner, Mr. Baron? Bakit hindi na lang sa restaurant?"

"I have my reasons, Cary…"

Nabigla siya sa pagbanggit nito ng pangalan niya. It was the first time he called her by her first name.

"Masarap ang caesar salad na ito. Why don't you try it?" anito, sabay abot niyon sa kanya.

Kumuha siya ng salad. Masarap nga iyon pero parang hindi niya mahuli ang tunay na lasa niyon. Paano ba naman, parang umaalimbukay ang kanyang sikmura. Pati ang main courses ay masasarap pero hindi niya gaanong nalasahan.

Nagsalin ng red wine si Adrian sa dalawang wine glasses. Hindi niya ginalaw ang para sa kanya. Inubos naman nito agad ang para rito.

Mayamaya ay tumayo ito at may kinuhang white folder. Lihim siyang nagpasalamat na sa wakas ay pag-uusapan na nila ang dapat tapusin.

"What were you and Resty to each other, Cary?" tanong nito pagkuwan. Derechong nakatingin sa mga mata niya.

Hindi niya napigilan ang pagkunot ng noo. She felt he was insinuating something. "We were siblings," she said.

"He's just your stepbrother, right?" pagtatama nito.

"Would you please get down to business, Mr. Baron? Medyo gumagabi na."

Binuklat nito ang folder na hawak. "Here's all the dope on the leaks. This information is top secret. No one knows about this. Not even Gina or Gerry.

"You trust me?" Mas malakas lang ng kaunti sa bulong ang kanyang sinabi. It seemed like all the irritation she felt toward him had melted away.

"I think I should."

"Hindi ganyan ang reaksyon mo kahapon. You treated me as if I'm a criminal."

"I stand corrected."

"Ano'ng ginawa ko na nakapagpabago ng isip mo, Mr. Baron?"

"I can't put my finger on it exactly. There's something about you…" He stopped abruptly then added, "I need your help to find out who's the real guilty party."

Lumunok si Cary. "I'd like to help you, to erase the last trace of suspicion from your mind. My stepbrother deserves that much. What can I do to help?"

"Let's start with some basics. What is the nature of business of *Baron Enterprises*?"

Nakagat niya ang pang-ibabang labi. Pakiramdam niya ay ngayon lang siya daraan sa pinakamatinding job interview. "Financial dealings. You buy bankrupt companies and resell them. You're also involved in real estate investment trusts. Marami pang iba na–"

"Yes, marami pang iba. I'm a gambler. I gamble by taking risks—buying companies others have given up on. That's the mystique of my image. Do

you understand what I'm saying?"

Umiling siya. "Why are you telling me this?"

"Because someone is trying to make me look like a loser." Iniusod nito palapit sa kanya ang folder na hawak nito. "As that folder will show you, I've been beaten out on several bids by companies that have definitely had inside information. Look through those papers."

Binasa niya nang maigi ang mga nakasulat doon. She gasped nang matanto ang binabasa.

"I-ito ang report na ginawa ko. Paanong?" Napaangat ang tingin niya. Sinalubong nito ang mga mata niya. "No wonder, you thought I was involved."

"And the earlier deals were all researched by your stepbrother."

"It's a terrible mistake."

"I believe you. I'm sorry for misjudging you and Resty, pero sana naintindihan mo kung bakit ganoon na lang ang reaksyon ko."

"Naintindihan ko na ngayon. Do you have any other suspects? Anyone at all who might have had access to the information that was leaked?"

"Gina. Gerry."

Pumikit siya. "Imposibleng si Boss Gerry. Napaka-loyal niya sa iyo. At si Miss Gina, she could never do such a thing."

Tumango ito. "I feel the same way. So we're back to square one. But one thing is for sure, kilala ko kung sino'ng nagpapanakaw ng impormasyon."

"Sino?"

"My half-brother Rupert. Ang kailangan nating malaman ngayon ay kung sino sa kompanya ang kakuntsaba niya. I will tell you more about Rupert as the days go on, pero sana… sa ating dalawa lang muna ang mga bagay na ito. Mas delikado kapag maraming nakaalam."

She nodded. "What are we going to do?"

His slow, seductive smile was like a match lighting dormant passions inside her. He looked at her the way she never thought he would do. He spoke softly. "Together, we'll think of something, Cary."

# 5

Pakiramdam ni Cary ay nagsalimbayan ang mga bituin sa paligid. Pakiramdam niya ay nakarinig siya ng magandang musika. Mas lumakas pa ang kabog ng kanyang dibdib dahil sa pagtitig ni Adrian sa kanya.

Ipinilig niya ang ulo. Kung anu-ano ang pumasok sa kanyang utak samantalang maliwanag ang napag-usapan nila ni Adrian na aalamin nila kung sino ang nagbibigay ng impormasyon sa sinabi nitong Rupert.

"I'm… I'm glad you're confident that I can help you, Mr. Baron. Ang ipinagtataka ko lang, bakit kailangan kang kalabanin ng half-brother mo?"

"There are selfish people on earth. Sabihin na lang nating ayaw ng kapatid ko na makitang maunlad ako. It's his ardent wish to see me miserable."

"How cruel."

"Rupert is a good-looking guy. Kapag na-meet mo siya, you will never think he's like that. Lahat ng nakakapagpasaya sa akin, gusto niyang kuhanin. Including women…"

Napatingin siya uli rito. “I’m ready to help in any way I can, Mr. Baron.”

Tumangu-tango ito. “I’m glad, but I think it will be better if you’d call me ‘Adrian’. Mas magiging maganda ang working relationship natin sa paghanap kung sino ang salarin kung mawawala ang masyadong formality sa pagitan nating dalawa.”

“Kailangan pa ba ’yon?”

“Why not? Do you find my name so difficult to say?”

“It will be awkward. You’re my employer.”

“You need to be used to calling me by my first name.”

“Ano na lang ang iisipin nila sa opisina kapag narinig nilang tinatawag kita sa pangalan mo?”

“I’m giving you the right. Sa umpisa pa lang, gusto ko nang masanay sila na first-name basis ang tawagan natin.”

Kinilabutan siya. “C-can you tell me why?”

Huminga ito nang malalim. “Rupert has this attitude to go after the women that I’m close with. I want him to see us in public.”

Lumakas ang kabog ng kanyang dibdib. "You mean–"

"Tama ang iniisip mo. If Rupert will think that we're lovers..."

Nanlaki ang mga mata niya. "T-teka muna–"

"Come on, Cary. Akala ko ba'y handa kang gawin ang lahat para malutas ang kasong ito? Para malinis ang pangalan mo at ng stepbrother mo?"

"Oo nga, pero–"

"Then it's final. I need your help. I've already spent days and nights trying to come up with other suspects. None of the companies that underbid me have any common link. Ang sigurado lang ay si Rupert ang may kagagawan nitong lahat. Maliit lang ang mundo ng negosyo. May nakapagsabi sa akin na mismong ang half-brother ko ang nagsusulsol sa mga kalaban ko para sulutin ang mga projects ko. He even put up companies and used dummies para hindi ko malaman na kagagawan niya ang lahat. Ang gusto kong masiguro ay kung sino'ng kakuntsaba niya sa kompanya ko."

"Wala bang komento si Boss Gerry tungkol sa nangyayari?"

“Maraming sunud-sunod na successful biddings. He’s been too busy to notice that the leaks came from you and Resty’s projects.”

“Baka may iba pang angle na na-overlook.”

“I’m working on the security angle. Hindi naman finish product ang research na ginawa mo o ni Resty noon. I made changes on them. Tatlo lang kami nina Gina at Gerry ang nakakaalam ng combination ng safety vault na pinaglalagyan ng mga files.”

“I can’t imagine what’s happening. I never discuss my work with anyone.”

“Sigurado ka? Kahit kanino sa opisina? Kahit sa kasama mo sa bahay?”

Umiling siya. “May pinirmahan akong kontrata nang matanggap ako sa kompanya mo.”

“Maimpluwensya si Rupert. Alam kong gagamit siya ng pera para lang maibagsak ako.”

“Bakit hindi mo siya kausapin?”

“He would never accept the accusation. Ang kailangan ko ay maprotektahan ang mga impormasyon. Ang malaman kung sinong nababayaran ng kampo ni Rupert sa atin.”

"Sana naman maging maayos ang lahat. Mahirap din na magtrabaho na iniisip kong baka may nagmamanman sa akin."

"We will work it out."

Mismong si Adrian ang naghatid sa kanya sa bahay. This time, she felt very light. Pakiramdam niya ay biglang napalitan ang inis niya kay Adrian ng kung ano.

"Thanks," saad niya nang nasa tapat na sila ng gate.

"I should be the one to say that. And I'm sorry for accusing you."

It warmed her heart to hear him say that. Wala sa hitsura nito ang manghihingi ng apology, knowing how rich and powerful he was.

"Good night, Cary."

"Good night, M-Mr. Ba—Adrian."

Ngumiti ito. "That's better. I like it when you say my first name."

To her surprise, he leaned toward her and without warning, kissed her on the cheeks.

"I'll see you," anito bago tuluyang tumalikod.

Para siyang namatanda. Hindi siya nakagalaw. Inihatid pa niya ng tanaw ang kotse nitong palayo. Hindi niya alam kung paano siya nakapasok sa loob ng kabahayan.

Hindi na niya binuksan ang ilaw matapos niyang buksan ng dalang susi ang pinto. Baka kasi magising pa si Aling Asper. Nagtuloy siya sa kanyang kuwarto. Humarap siya sa tokador at tinitigan ang sarili sa salamin. Iniangat niya ang kanang kamay at hinaplos ang kanang pisngi na hinalikan ni Adrian. Napapikit siya.

Adrian was an extremely attractive man, but she knew that was not the only reason she was drawn to him. She had high hopes now to get to know him better. Kahit ngayon lang sila nagkausap nang matagal, pakiramdam niya ay nakilala na niya ang isang bahagi ng pagkatao nito. Parang hindi ito ang Adrian na nakilala niya sa pamamagitan ng mga kuwentong narinig niya tungkol dito.

Lovers. Sinabi nitong kailangan nilang magpanggap na lovers para malaman ang katotohanan. Gosh! Hindi siya makapaniwalang maririnig ang gayon sa binatang amo. Isipin pa lang niya na palagi niya itong makakasama ay kumakabog na ang kanyang puso.

She and Adrian lived in different worlds, with different lifestyles, different goals and beliefs. Hindi niya ma-imagine na isang kagaya nito ang lalaking mamahalin niya sa buhay.

She shrugged. Kung anu-ano na agad ang pumasok sa kanyang isip. Ang dapat niyang pagtuunan ng pansin ay kung paano matutulungan ang lalaki sa problema nito.

At siguradong pagpipiyestahan sa loob at labas ng *Baron Enterprises* ang kanilang 'affair'. Kung magpu-pose siya bilang lover nito, kailangan din niyang paghandaan ang pagiging pain niya sa half-brother nitong si Rupert.

Masuwerte na rin silang maituturing ni Resty dahil kahit wala silang blood relation ay nagturingan silang magkapatid samantalang sina Adrian at Rupert ay nagbabanggaan kahit magkadugo ang mga ito.

The rest of the weekend seemed anti-climactic after her meeting with Adrian. Ang buong araw ng Linggo ay natapos sa pagsisimba at boluntaryong pagtuturo sa mga bata sa Sunday School. Malapit lang ang church sa bahay nila.

Excited siyang pumasok nang Lunes na iyon

at kahit anong tanggi niya sa sarili, alam niyang si Adrian ang dahilan ng excitement na kanyang nararamdaman. She had a sense of anticipation, expecting at any moment to see Adrian entering her cubicle. Several times she considered calling him to ask if he had thought of anything that might help them solve the problem but she stopped herself. Alam nito kung saan siya pupuntahan o tatawagan kung ganoon nga ang sitwasyon.

Hanggang sa lumabas siya ng lunch time para makipagkita kay Mike sa restaurant sa tapat ng building nila, hindi niya nakita si Adrian. Natapos ang araw na iyon pero walang Adrian na tumawag o nagpakita sa kanya. Ni hindi man lang ito nagparamdam. Nang magkausap sila ni Gina kaninang lunch time ay wala itong naikuwento tungkol sa kanilang boss. Inabot siya ng hiya na magtanong dahil baka kung ano ang isipin nito.

By Tuesday, she began keeping an eye out for him everytime she went to the lounge or stopped by Olga's area to chat for a few minutes. Still no sign of Adrian. Lalo namang hindi niya puwedeng tanungin si Olga kung pumasok ang lalaki o hindi. Siguradong bibiruin siya nito.

Hindi pa rin niya ito nakita nang Miyerkules.

Ang ikinakainis niya, iba na ang nararamdaman niya. Nami-miss niya si Adrian. What was happening to her? Hanggang sa bahay ay dala-dala niya ang pag-iisip tungkol dito na alam niyang hindi dapat mangyari.

By Thursday morning, she had accepted the fact that he had no intention of seeking her out. Probably, he found her dull and unexciting compared to the glamorous women he had dated. Baka kapag kailangang-kailangan na siya nito sa 'project' nito ay saka siya nito lalapitan at kakausapin. Bahagyang umantak ang puso niya sa isiping iyon. She decided not to think about him.

It almost worked, except for all those times when she saw his name on the glass doors or caught a glimpse of the letterhead on the office stationery. Ang siste pa, nang sabay silang nag-coffee break ni Olga bandang alas tres ng hapon, ipinabasa nito sa kanya ang isang gossip column ng isang sikat na broadsheet. Adrian was reported to be seen with an upcoming movie starlet in a VIP membership club. Sinabi pa sa gossip na ito raw ang ipinalit ni Adrian kay Ellaine Merced.

Cary found it a little difficult to breathe for several minutes.

"Ibang klase talaga si Boss Adrian. May bago na namang fling. I just read about his break-up with Ellaine. Now, ang sexy at magandang si Phoem Verzuela naman. Sana ako na lang."

Pinili niyang huwag magsalita.

"Pero alam mo, marami kami na nag-akala na ikaw na ang susunod niyang target. Kasi n'ung dumating siya at nagkaroon ng libreng lunch, panay ang sulyap niya sa iyo."

"I am as cold as ice compared to the women he's dating. Paano naman magkakagusto ang isang gaya niya sa akin?"

"Malay mo, maging flavor of the month ka niya in the near future? Aba, masuwerte raw ang sinumang idini-date ni Boss kasi nireregaluhan niya ng mamahaling mga alahas."

Bigla ay naisip niya ang posibilidad na mabalita sila sa opisina ni Adrian kapag isinagawa na nila ang plano. Paano niya iha-handle ang ganoong klase ng kontrobersya sakaling magkatotoo ang balak nitong magpanggap silang lovers? Isipin pa lang ay nahihirapan na siya.

Nagtanong uli si Olga. "Tell me honestly, Cary, if ever ba na magpakita ng interes sa iyo si Boss, hindi

mo siya papatusin?”

She thought for a second then she winked. “Well, let’s see. Malay nga natin na mapansin niya ako. Hindi siguro masama na subukan ko minsang mag-flirt,” aniya. “As long as I know my limitations,” dugtong niya para naman hindi malagay sa alanganin ang reputasyon niya. Paghahanda na iyon sakaling matuloy ang plano ni Adrian. At least, hindi na magugulat ang mga taga-opisina.

But she had little hopes now if Adrian would really pursue his plans. Baka nakaisip na ito ng mas epektibong paraan para malaman kung sino ang nagbibigay ng impormasyon sa mga kalaban. She should be thankful if that was the case. At least, nawala na ang hinala nito sa kanila ni Resty. Ngunit sa sulok ng kanyang puso ay may panghihinayang siyang nararamdaman. Nanghihinayang siya sa pagkakataong makikilala niya nang lubos si Adrian… at makakasama niya ito kahit saglit na panahon.

When the phone on her desk rang at eleven on Friday morning, she answered in her usual manner. “Research Department, hello.”

“Has anyone ever told you your voice is enchanting? Dapat siguro’y i-train mo ang receptionist nating si Olga sa paraan ng pagsagot sa

telepono." Adrian's voice was husky.

Parang siyang hinabol bigla ng isang libong kabayo sa bilis ng tibok ng kanyang puso. "M-Mr. Baron–"

"It's Adrian, remember?"

*I missed you. Ba't ang tagal mong hindi tumawag? Bakit hindi ka nagpakita nang ilang araw?* Ang mga katagang iyon ang gusto sana niyang sabihin pero alam niyang hindi dapat. "Y-yes, Adrian…"

"Ang sabi ko, you have an enchanting voice."

Huminga muna siya nang malalim. Pakiramdam niya ay nagsisikip ang kanyang dibdib.

"I was once a librarian. Librarians seldom get such compliments."

"Ah. That's because typical librarians seldom look like candidates in *Miss Philippines*."

Napangiti siya. "Masyado naman yatang pambobola na 'yan."

Tumawa ito sa kabilang linya. "We haven't talked for quite a while. We're supposed to act like lovers, right?"

Kinilabutan siya. "Is there something you

wanted?”

“How about having lunch with me today? I think, may mahalaga tayong dapat pag-usapan. About a suspect…”

“That’s wonderful….”

“Having lunch with me?”

Tumawa siya. “’Yung balita tungkol sa suspect. What time?” Hindi niya lubos-maisip na nakikipag-usap ng gayon si Adrian sa isang gaya niya. Talagang na-miss niya ang atensyon nito kaya halos ay tumalon ang puso niya sa tuwa.

“Nelson will be waiting for you at the main entrance at eleven forty-five.”

“O-okay. Where are you?”

Tumawa ito nang mahina at mahina rin ang boses nito nang magsalita. “Don’t ask questions. If we’re going to take this investigation seriously, we’ve got to inject a little mystery into it.”

Nakisakay siya sa pagbibiro nito. “Dapat ba akong magsuot ng trench coat at dark shades?”

“No. I prefer that rose silk dress you have on.”

Puzzled, she glanced around. “H-ha? Nasaan ka

ba talaga? Where are you calling from?"

He began chuckling again. "You haven't been out of my sight this week, sweetheart. I was just busy."

She felt herself blushing. "Am I under surveillance?"

His voice dropped. "You should know better than that, Cary. Don't forget, eleven forty-five, in front of the building. Nelson drives a black *BMW* today. Just get in the *BMW*, it will be there waiting for you."

Nagpakawala siya ng sunud-sunod na buntong-hininga matapos maibaba ang telepono. Napuno ng hindi masukat na excitement at antisipasyon ang kanyang dibdib. She would have lunch with Adrian! Ang mas nakakapagpalundag ng kanyang puso ay kung paano siya kinausap nito ngayon.

Gina was full of questions when she saw her retouching at eleven-thirty. "May lunch date ka, ano?" Tumango siya. "Si Boss Adrian?"

Napamaang siya.

"C'mon, Cary. He dropped by this morning. He told me he's going to invite you out for lunch.

Napapansin ko na ilang araw ka na niyang laging tinatanong. Without you knowing it, alam kong ino-observe ka niya. But he wouldn't approach you. Ngayon, hindi na siguro nakatiis."

"Miss Gina…"

"Don't get me wrong, Cary. I have nothing against our boss but you're too kind to be included in the list. I hope you won't mind my warning."

Tumango siya. Hindi niya maaaring sabihin kay Gina na may nireresolba silang problema. "Thanks, Miss Gina. Lagi kong iisipin ang payo mo."